


Malalaking bilog na mochi (malagkit na kakanin), unang bisita sa templo sa bagong taon, o zouni (sopas ng mochi, gulay at iba pa). Makisaya tayo sa pagdiriwang ng bagong taon sa kulturang Hapon

● **Toshigamisama**

Pagdadasal sa Diyos ng bagong taon (litrato sa kanan) Sinasabing ito ay ebento sa Bagong Taon noong pang mga araw na simbolo ng masaganang ani at kaligtasan ng pamilya sa buong taon. Nababalutan ng mga dahon na nagpapakita ng pagnanais o kagustuhang magka-anak. May hawak na mochi sa kamay..




● **Otoshidama** (Bigay na pera sa Bagong taon). Noong mga araw kaugalian ng may mataas na posisyon ang pagbigay ng regalo sa mga membro sa mababang posisyon. Sa kasalukuyan ang mga bata ay tumatanggap ng pera, na nakalagay sa Pochibukuro (sobre) sa pamilya at mga kapitbahay. Noon ay mochi ang ibinibigay. May paniniwala na pag kumain ng mochi ay madadagdagan ng isang taon ang edad.



● **Kadomatsu/Matsukazari** Palamuting kawayan (kadomatsuri), sanga at dahon ng pine tree (matsukazari) sa Bagong Taon. Palatandaan daw na ang Diyos ng bagong taon ay bumaba sa puno ng ine tree. Inilalagay ang kadomatsu sa mga tindahan at kumpanya. Ang dekorasyong Matsukazari ay sa mga bahay.

● **Shimekazari** (pantali na may palamuti) Sinasabing ang palamuting ito ay nagbibigay ng kalusugan, kaligayahan at maunlad na negosyo na nagtataboy ng malas.

● **Kagamimochi** (Malalaking bilog na kakanin) Hugis puso at puting kakanin na sinasabing simbolo ng espirito ng daigdig. Makikita ito sa mga altar ng bahay o kaya sa isang kwarto na lagayan ng palamuti. Pinaniniwalaan na magkakaroon ng magandang swerte ang sinumang kakain ng mga kakanin na nakalagay sa mga lugar na ito tuwing Bagong Taon.



● **Osechiryori** (Mga pagkaing inihahanda sa Bagong Taon) Ito ang mga tanging pagkain na hinahanda sa pagsalubong sa Bagong Taon. Ang Bagong taon ay isa sa pinaka importanteng pagdiriwang. Ang mga tao ay naghahanda ng pagkain mula sa mga sangkap na espesyal at naiibang paghahanda at inilalagay sa pinagpatong na lagayan o Juubako).



● **Juubako** (Tiered lacquer boxes) Pagkain sa bagong taon, nakalagay sa 4 na patong na kahon subalit sa ngayon ang bilang ay hindi na sinusunod. Ang pagkaing sumasagisag ng magandang swerte ay nakalagay sa unang kahon, simpleng papakin/pulutan ang sa ikalawa, pagkain mula sa yamang dagat o karne ang sa pangatlo at pagkain mula sa bundok (gulay atbp) sa ika-apat na kahon. Ngayon, karamihan ay bumibili ng luto at nakalagay na sa kahon sa murang halaga.

● **Ozooni** (Sopas sa Bagong Taon na may kakanin, gulay at iba pa) Nagsisimula ang almusal sa ganitong putihe mula Enero 1~3. May iba't ibang panlasa ng paggawa ng sopas, luto sa silangang parte ng japan (Kanto) o luto sa kanlurang parte (Kansai). Ang mga sangkap ng ozooni sa Bagong Taon ay depende sa bawat rehiyon. Ito ay maaari ding iluto at sangkapan ng naaayon sa inyong sariling panlasa.

● **Hatsumode** (Unang bisita sa templo sa Bagong Taon)

Sa templo, nagpapasalamat ang mga tao sa nakaraang taon at nananalangin para sa kaligtasan sa darating na taon. Nitong mga nakaraang taon, maraming dayuhan ang bumibisita sa mga templo bilang ebento sa Bagong Taon.

★ **Paano manalangin sa Jinja (shrine) ?**

1. Magbigay galang (yumuko) sa harap ng jinja .
2. Linisin ang isipan at katawan sa paghugas ng kamay at bibig
3. Sumalok ng tubig gamit ang kanang kamay at ibuhos ang tubig sa kaliwang kamay bilang pagdadalisay. Ulitin ito sa kanang kamay.
5. Sumalok muli ng tubig gamit ang kanang kamay at lagyan ng tubig ang kaliwang kamay saka hugasan ang bibig (mumog)
6. Hugasan ang kaliwang kamay at ang hawakan ng natitirang tubig.
7. May paniniwala na ang daraanan ay para sa Diyos kung kaya't umakad sa tabi nito.



8. Tumayo sa harap ng altar at maghagis ng pera sa kahon ng pag-aalay.
9. Kung may kampana, patunugin ito.
10. Yumuko ng 2 beses at pumalakpak din ng 2 beses at manalangin.
11. Yumuko bilang pamamaalam.

★ **Paano manalangin sa Otera (templo) ?**

1. Yumuko sa harapan. 2. Maglagay ng pera sa kahon at yumuko muli. 3. Muling yumuko sa harapan. 4. Walang palakpak sa templo.

● **Hatsuyume** (Unang Panaginip ng Taon)

Ito ang panaginip sa unang gabi ng taon. Sinasabing kapag maganda ang panaginip, magandang kapalaran ang naghihintay sa buong taon. Noong unang panahon, ang mga tao ay natutulog katabi ang litrato ng 7 Diyos na may hawak na barko ng swerte (nangangahulugang kaligayahan) sa ilalim ng unan. May ganito ding paniniwala sa bansa ng China at India.

● **Kakizome** (Unang pagsusulat ng calligraphy ng taon)

Ang ebentong ito ay ginaganap tuwing Enero 2 at nagsusulat ang mga tao ng kaaya ayang salita o drawing gamit ang ink brush. Dati itong ginagawa sa imperial court bilang isa sa mga ebento ng bagong taon. Sa Enero 10, ang Kakizome event ay gagawin sa Japanese language class ng FICEC. Isulat ang inyong mga kahilingan sa Nihongo, maaring sa Hiragana o Kanji gamit ang ink brush. Halina at sumali tayo!

Magkakaroon ng pag anunsyo sa Ingles at Chinese para sa Pagsasanay para sa Kalamidad (disaster drill) sa Fujiino city sa Disyembre 2

Maririnig ang sirena sa Disyembre 2, 8:30 ng umaga. Una, protektahan ang sarili sa pagtatago sa ilalim ng mesa. Maghintay ng isang minute bago tumayo, saka pumunta sa parke o eskuwelahan na magsisilbing evacuation centers. Sana ay maraming dayuhang residente ang maki-isa sa pagsasanay na ito..

Malapit na ang deadline para sa pag apply ng allowance para sa pagpasok sa eskwela ng mga batang ang pamilya ay single parent .

Para sa may anak na papasok na sa Junior High School at para din sa paghahanda sa pagpasok sa susunod na taon. Sa Saitama prefecture, ang subsidy system ay tinatag para maging kaaya-aya at maayos sa pagpasok sa junior high school ang mga anak ng mga single-parent at pamilyang mababa ang kita. Sinumang nagpapalaki ng mga batang ulila o kaya nag-iisa ang magulang ay maaaring mabigyan. Kailangan lamang na walang buwis na babayaran sa taong 2012. Ang subsidy payment ay ¥10,000 kada bata. ● Magsumite ng aplikasyon para sa subsidy sa Kosodate-shien-ka, dalhin ang libreta ng banko na nakapangalan sa inyo. Isumite ang aplikasyon hanggang Dec. 28. Hindi tatanggapin ang aplikasyon na lampas sa takdang petsa.

www.ficec.jp/living/

● Para sa iba pang katanungan tumawag lamang sa FICEC tel. 0 4 9 – 2 5 6 – 4 2 9

